7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kwarter 2

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 2: Aralin 1 (Linggo 2)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat**

- Michelle Torreros (Leyte Normal University)
- Wayne Paul V. Basco (Tinajeros National High School)

**Tagasuri:**

- Voltaire M. Villanueva. (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKALAWANG KWARTER, ANTAS 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa naging tugon at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng proyekto na nagbibigay-impormasyon sa mga naging tugon sa kolonyalismo at imperyalismo sa Pilipinas at Timog Silangang Asya. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan sa Pampagkatuto**<br>1. Nailalarawan ang una at ikalawang yugto ng imperyalismong Kanluranin.<br>2. Naipaghahambing ang una at ikalawang yugto ng imperyalismong Kanluranin.<br><br>**Mga Layuning Pampagkatuto**<br>• Naipapaliwanag ang konsepto ng imperyalismo sa konteksto ng pagpapalawak ng Europa.<br>• Nasusuri ang mga motibasyon sa likod ng paggalugad, pananakop, at kolonisasyon ng mga bansang Kanluranin sa malawak na lugar ng mundo.<br>• Natutukoy ang mga mahahalagang kapangyarihang Europeo na sangkot sa makabagong kolonyalismo at ang mga tungkulin nito sa panahon ng imperyalismo.<br>• Naihahambing ang mga katangian ng imperyalismo sa mga naunang panahon (bago ang 1500) sa mga katangian ng Ikalawang Rebolusyong Industriyal (huling bahagi ng ikalabinsiyam at unang bahagi ng ikadalawampu siglo).<br>• Nasusuri kung paano naimpluwensiyahan ng pag unlad ng industriya ang imperyalismo noong Ikalawang Rebolusyong Industriyal.<br>• Naiisip ang mga implikasyon ng ekonomiya, pulitika, at kultura ng bawat yugto ng imperyalismo. |
| **D. Nilalaman** | Ang Konsepto ng Kolonyalismo at Imperyalismo<br>• Kahulugan ng Kolonyalismo at Imperyalismo<br>• Una at Ikalawang Yugto ng Imperyalismong Kanluranin |
| **E. Integrasyon** | • Kulturang Popular (Food, Music, Entertainment, Fashion, Fads and Crazes) |

| | |
|---|---|
| | • Current Events (Aspetong politikal at ekonomiko); Kasalukuyang pangyayari na may kaugnayan sa imperyalismo at kolonyalismo<br>• Sustainable Development Goals<br>• Peace Education |


## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Agoncillo, T. (1990). History of the Filipino People 8th Edition. C.&E. Publishing Inc.

Cruz, R.M., Jose, M.D., Mangulabnan, J.B., Mercado, M.M., & Ong, J.A. (2015). *Araling Asyano: Tungo sa Pagkakakilanlan*. Vibal Group Inc.


*Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan.* (2016). Department of Education, DepEd Complex, Pasig City. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp- content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf

McDougal Litell. (1990). *World History: Patterns of Interaction*. McDougal Litell Inc.


| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**Gawain 1: Venn-Diagram**<br>Panuto: Ang mga mag-aaral ay lilikha ng venn diagram upang ipakita ang pagkakaiba at pagkakapareho ng kolonyalismo at imperyalismo.<br> | Sa araling ito, kinakailangan na maipakita ang kalagayan ng Pilipinas at ang ugnayan nito sa mga karatig na bansa bago dumating ang mananakop.<br><br>Ang gawain ay maaaring gawin ng indibidwal o maaaring may kapareha. Isusulat sa kaliwang bahagi ng diagram ang mga katangian o aspekto ng kolonyalismo. Sa kanang bahagi ay ang mga aspekto ng imperyalismo at sa gitna ay ang |

| | | |
|---|---|---|
| | Pamprosesong Tanong:<br>1. Ayon sa konsepto ng kolonyalismo at imperyalismo, ang isa ba rito ay naranasan ng Pilipinas o pareho itong naranasan? Ipaliwanag.<br>2. Sa iyong palagay, bakit nagtatag ng kolonya ang mga bansang Kanluranin?<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal)** | mga bagay na pareho sa kanilang konsepto. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Gawain 2: The White Man's Burden**<br>Panuto: Ipakikita ng guro ang larawan ng "The White Man's Burden" ni Rudyard Kipling.<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang nagaganap sa larawan?<br>2. Sino ang sinisimbolo ng mga taong may pasan ng basket? Sino naman ang taopng kanilang pasan?<br>3. Ano ang sa inyong palagay ang layunin ng dalawang taong may pasan ng basket?<br>4. Masasabi ba natin na ito ay nagpapakita ng pananakop? Bakit? | Ang larawan na ito ay hango sa tula ni Rudyar Kipling na "The White Man's Burden" na nagpapakita dahilan ng imperyalismo sa Asya at Aprika.<br><br>Dapat maunawaan ng mga mag-aaral na ang larawan at tula na ito ay nagpapakita ng mababang pagtingin ng mga Kanluranin sa mga Asyano na kasabay ng pag-unlad ng kanilang sibilisasyon ay may mayamang pamayanan din sa kabilang panig ng mundo ang namamayagpag na may mayamang kultura at pamumuhay.<br><br>Maghanda ng tekstong babasahin ang guro na tumatalakay sa una at ikalawang yugto ng imperyalismo. |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>Gawain 3:<br>Panuto: Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.<br><br>Krusada | Panahon ng Pagtuklas at Paggagalugad | Merkantilismo<br>Marco Polo | Bartholomeu Dias | God<br>The Travels of Marco Polo | Vasco Da Gama | Glory<br>Paghahanap ng Bagong Turang pangkalakalan | Gold<br>Monopolyong Italian | Industrial Revolution | Kapitalismo<br>Social Darwinism | Hilaw na materyales | Buffer State</td>
<td>Maaaring gamitin ang aklat na ito bilang batayan:<br>Cruz, R.M., Jose, M.D., Mangulabnan, J.B., Mercado, M.M., & Ong, J.A. (2015). Araling Asyano: Tungo sa Pagkakakilanlan. Vibal Group Inc.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>Ikalawang Araw<br>Kaugnay na Paksa 1: Kahulugan ng Kolonyalismo at Imperyalismo<br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>Maaaring ipapanood ang mga video na ito:<br>https://www.youtube.com/watch?v=_kv-IMFhbkk<br><br>2. Pinatnubayang Pagsasanay<br>Ang patuloy na pag-unlad at pagbabago ng mga kabihasnan sa Timog Silangang Asya ay isang patunay na may mayamang kultura at pamumuhay ang mga Asyano sa paglipas ng panahon. Ang pagkontrol sa kalakalang pandagat mula sa kipot ng Malacca patungo sa Tsina ang nagpapalakas sa ugnayan ng mga Asyano sa iba't-ibang rehiyon maging ang ugnayan nito sa Europa. Naging matamlay ang ugnayan na ito dahil sa mga kinaharap na hamon ng mga bansa sa Europa at nagresulta sa pagnanais nilang makabalik ng Asya upang matugunan ang kanilang pangangailangan at makipagkalakalan. Subalit ang pagnanais na ito ay napalitan ng paghahangad ng kapangyarihan sa rehiyon, pagnanais na magkaroon ng maraming ginto at pilak at maipalaganap ang Kristiyanismo.<br><br>Mahahalagang kaganapan sa Europa na naging dahilan ng kanilang pagpunta sa Asya.<br>1. Paglalakbay ni Marco Polo gamit ang sinaunang rutang pangkalakalan<br>2. Paglulunsad ng Krusada<br>3. Paghahanap ng bagong rutang pangkalakalan (Renaissance)<br>4. Panahon ng pagtuklas at paggagalugad<br>5. Paniniwala sa Merkantilismo</td>
<td>Gamiting batayan sa gawain ang aralin noong unang markahan tungkol sa mga kabihasnan at kaharian sa Timog Silangang Asya.<br><br>Gamiting batayan ang tekstong gawa ng guro o ang sangguniang aklat na nabanggit. Maaari din tumingin sa videong pinanood upang maitugma ng maayos ang mga pangyayari.<br><br>Mainam na isagawa ang gawain na ito nang may kapareha upang maging madali sa mga mag-aaral na lagyan ng impormasyon ang timeline at magkaroon ng pakikipagtalastasan sa kapareha tungkol sa bawat pangyayaring ilalagay. Ang pag-uusap nila na ito ay</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 4: Timeline**<br>Panuto: Gumawa ng Timeline na nagpapakita ng mga pangyayari sa<br>A. Timog Silangang Asya<br>B. Europa<br>simula sa unang siglo hanggang ika-dalawampung siglo. Gumamit ng 100 taon na pagitan.<br><br><br>Pamprosesong Tanong<br>1. Ano ang pumukaw sa interes ng mga Europeo ng magpunta sa Asya?<br>2. Ano ang kalagayan ng Timog Silangang Asya o sa Pilipinas nang dumating ang mga Europeo sa kanilang pagtuklas at paggagalugad ng mga bagong lupain?<br>3. Sa iyong palagay, tama ba ang paniniwala sa kasaysayan na "Si Ferdinand Magellan ang nakatuklas sa Pilipinas'? ipaliwanag ang iyong sagot.<br><br>**Ikatlong Araw**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang panahon ng pagtuklas at paggagalugad ng mga bagong lupain ay nakatulong sa Europeo na muling makabalik sa Asya sa kabila ng pagsasara ng mga sinaunang kalakalan. Ang pangyayaring ito rin ay magdudulot sa pagbabago ng kasaysayan ng mag bansang Asyano lalo na sa Timog Silangang Asya.<br><br>Sa pagpasok ng ikalawang yugto ng imperyalismo ay nakaranas ng matinding pagpapahirap ang mga Asyano sa kamay ng mga Kanluranin. Mabilis na naubos ang | makadadagdag sa kanilang pagsusuri.<br><br><br><br>Maaaring ipapanood ang mga video na ito:<br>https://www.youtube.com/watch?v=D92tWlU3EFQ&t=112s |

mga likas na yaman na matatagpuan sa Asya dahil sa pagluluwas ng mga hilaw na materyales rito patungo sa Europa. Ang pagpasok ng kapitalismo sa Asya ay nagdulot ng paghina ng ekonomiyang Asyano dahil hindi naman sila ang nakikinabang sa mga produktong kanilang iniluluwas.

Ang paniniwalang Nasyonalismo at Social Darwinism ay ginawang batayan ng mga Kanluranin upang ipagpatuloy at bigyan ng rason ang kanilang pananakop. Ito ang dahilan sa ideya tula ni Rudyard Kipling na "The White Man's Burden" na nagpapakita ng mababang pagtingin ng mga Kanluranin sa mga Asyano.

**Gawain 5: Cause and Effect**

Panuto: Ang klase ay hahatiin sa tatlong pangkat at sasagutin ang Cause and Effect chart.

*Unang Pangkat*: Ipaliwanag ang Rebolusyong Indutriyal gamit ang Suliranin-Sanhi-Bunga na dayagram.

| KALAGAYAN/ SULIRANIN | SANHI | BUNGA |
|---|---|---|
| **MARAMING MAIMBENTO NA MAKINARYA** | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang Rebolusyong Industriyal?
2. Paano pinakinabangan ng mga Imperyalistang bansa ang kanilang mga bansang nasakop?

*Ikalawang Pangkat*: Ipaliwanag ang Kapitalismo gamit ang Suliranin-Sanhi-Bunga na dayagram.

| KALAGAYAN/ SULIRANIN | SANHI | BUNGA |
|---|---|---|
| **LABIS ANG MGA PRODUKTONG NAPRODYUS (MANUFACTURED GOODS)** | | |

Pamprosesong Tanong:



1. Ano ang Kapitalismo?
2. Paano nakaapekto ang Kapitalismo sa mga bansa sa ilalim ng Kolonyalismo at Imperyalismong Kanluranin?

*Ikatlong Pangkat:* Ipaliwanag ang Social Darwinism gamit ang Suliranin-Sanhi-Bunga na dayagram.

| KALAGAYAN/ SULIRANIN | SANHI | BUNGA |
|---|---|---|
| **RESPONSIBILIDAD NG MGA KANLURANIN NA AKAYIN SA KABIHASNAN ANG MGA BANSANG HINDI KABILANG SA KANILANG BANSA.** | | |

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang Social Darwinism?
2. Bakit nanakop ang mga Kanluranin na naniniwala rito?

| | | |
|---|---|---|
| | **Ikatlong Araw**<br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 6: Concept Cluster**<br>Panuto: Punan ang Concept Cluster ng mga angkop na pangyayaring naging dahilan ng pananakop ng Kanluranin sa Asya.<br><br> | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Gawain 7: Concept Map**<br>Panuto: Isulat sa concept map ang mga dahilan bakit napanatili ng Thailand na maging malayang bansa sa pananakop.<br><br> | Ipaliwanag ng guro ang ginawang paraan ng Thailand kaya hindi ito sinakop ng mga Kanluranin. |

**Gawain 8: Generalization Chart**

Panuto: Isulat ang iyong obserbasyon sa mga kaganapan at dahilan sa una at ikalawang yugto ng pananakop at gumawa ng pagbubuod.

| UNANG YUGTO | IKALAWANG YUGTO |
|---|---|
| | |
| Pagbubuod: | |

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Gawain 9: Mag-aral is Fun sa Araling Panlipunan!**

Ipakita ang iyong naramdaman batay sa natutuhan sa nakalipas na aralin gamit ang "pag-thumbs up" at "thumbs down" ng iyong kamay.



Madali sa akin ang naging aralin at naging mahusay ako sa paksang tinalakay.



Naging mahirap para sa akin ang nakalipas na aralin.

Ipaliliwanag ng mag-aaral ang konsepto ng una at ikalawang yugto ng kolonyalismo at imperyalismong Kanluranin.

<table>
<tr><th colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit<br>Gawain 10:<br>Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Isulat ang Tama kung wasto ang pahayag at Mali kung ito ay mali.<br><br>1. Ang panahon ng pagtuklas at paggagalugad ay naganap sa Europa noong 1450 hanggang 1650 kung saan nagsimulang silang maglakbay upang tumuklas ng mga bagong lupain at mga rutang pangkalakalan.<br>2. Ang Survival of the Fittest ay paniniwala na ang lahi na ang pinaka naaayon sa pamumuno ay ang mga lahi mula sa mayaman na bansa at matagumpay na nakamit ang kanilang mga political na interes sa mga mahihinang bansa.<br>3. Tumutukoy ang Merkantilismo sa paniniwala na ang tunay na panukat ng kayamanan ng bansa ay ang kabuuang ginto at pilak na mayroon ito.<br>4. Dahil sa Industriyalisasyon ay lumakas ang pangangailangan ng Europe sa mga hilaw na materyales na nagpahirap naman sa mga bansa sa Asya.<br>5. Malaki ang ambag ng panahon ng Renaissance sa pagtuklas ng mga bagong lupain ng mga Europeo.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyonal)</td><td>Maaring gumawa ng ibang uri ng maikling pagsusulit ang guro.</td></tr>
<tr><td rowspan="4">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="4">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anumang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging sa mga gawain na</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***At iba pa*** | | | ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>__________<br>__________<br>__________<br><br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>__________<br>__________<br>__________<br><br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>__________<br>__________<br>__________<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*<br>__________<br>__________<br>__________ | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |